

File

Republika ng Pilipinas
lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINAMAP NOONG MAYO 6, 1991, 9:30 NG UMAGA SA BUDWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS.

MGA DUMAIO :

Punong Bayan Gelacio I. Yason - Tagapangulo
Pang. Punong Bayan Jesus M. Dimapilis
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Frisco O. Dimapilis
Kagawad Joseph M. Pornel
Kagawad Venancio G. Yap
Kagawad Noberto Q. Paz
Kagawad Arsenio F. Baticos
Kagawad Ireneo P. Castillo
Kagawad Cleto T. Estrada
Punong Brgy. Jesus S. Dela Cruz - Pangulo, ABC

KAPASYAHAN BLG. 11, TAONG 1991

KAPASYAHANG NAGHAHAYAG AT NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG NAGING KONSEHAL NG BAYAN AT NAGING KALIHIM NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, G. FRANCISCO (VIC) FAMERO, JR., KASALUKUYANG COURT INTERPRETER II NG REGIONAL TRIAL COURT BRANCH XLIII DITO SA ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, si G. FRANCISCO (VIC) FAMERO, JR. ay simbolo ng isang lingkod-bayan na sa napakahabang panahon ng paglilingkuran ay nakapag-ambag nang malaki sa kapakanan ng marami niyang mga kababayan;

SAPAGKA'T, bilang Konsehal ng bayan ng Roxas, naging pangunahing adhikain niya ang kapakanan ng mga mamamayan at ito'y ipinakita niya sa mga resolusyon at ordenansang tumatangkilik sa nakararami at sa iba't ibang gawaing kanyang isinakatuparan;

SAPAGKA'T, bilang Kalihim Pambayan, ginampanan niya ang mga tungkulin at responsibilidad ng tanggapan nang may pagpapahalaga sa tiwala ng mga namumuno at ng taong-bayan;

SAPAGKA'T, bilang Court Interpreter II ng Regional Trial Court Branch XLIII na nakabase sa ating bayan ng Roxas, ipinakita rin ni G. Vic Famero ang kanyang matapat na paglilingkod at pagpapahalaga sa gawain;

SAPAGKA'T, sa loob ng panahong inilagay niya sa daigdig, sinikap niyang gampanan ang tungkulin ng isang responsableng ama at asawa sa pamamagitan ng pagbubuhos-kaya sa ikabubuti ng kanyang pamilya;

SAPAGKA'T, sa nalalabing mga huling araw niya sa mundo, itinalaga at inialay ni Vic Famero ang kanyang buhay sa kanyang lumikha; at

SAPAGKA'T, ang pagpanaw ni Vic Famero ay isang malaking kawalan sa ating mga kababayan niya, higit sa lahat sa kanyang minamahal na mag-anak.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Arsenio F. Baticos at pina-ngalwahan ng lahat -

IPINASYA , tulad ng pagpapasyang ito na ipahayag at ipaabot ang taupusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga nau-lila ng naging Konsehal ng bayan at naging Kalihim ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, Francisco (Vic) Famero, Jr. at Court Interpreter ng RTC XLIII.


IPINASYA RIN, na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang mga nau-la ni G. Francisco (Vic) Famero, Jr. lakip ang aming mataos na pakikiramay.

PINAGTIBAY NG LAHAT.
Mayo 6, 1991.

PINATUTUNAYAN KO ang katotohanan ng kapasyahang ito.


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim Pambayan

PINAGTIBAY :


GELACIO I. YASON
Punong Bayan